

Sa

# March 17, 1842,

minutes matapos maging pangulo ng bagong Female Relief Society of Nauvoo, nagsalita si Emma Smith tungkol sa layunin ng samahang iyon. "Hanapin at bigyang-ginhawa ang mga nagdurusa," wika niya. "Magkaroon ng ambisyong gumawa ng kabutihan" at "pangalagaan ang moralidad."[1]

*"Ang Samahan ay hindi lamang para magpaginhawa ng mga maralita, kundi para magligtas ng mga kaluluwa."[2] —Joseph Smith.*







# Isang Pagbuhos ng Espiritu

*Nagsasalita nang magiliw at may kapangyarihan sa ika-175 anibersaryo ng Relief Society, ibinahagi ng General Presidency ang kanilang mga damdamin, ideya, at patotoo sa atin bilang kababaihan ng Relief Society.*

"Mahal namin ang kababaihan sa buong Simbahan," sabi ni Linda K. Burton, General President ng Relief Society, nang magsalita para sa kanyang sarili at sa kanyang mga tagapayo—sina Carole M. Stephens, Unang Tagapayo, at Linda S. Reeves, Pangalawang Tagapayo. "Ano pa ang maaari nating naisin maliban sa tulungan ang isa't isa sa pagtahak sa landas ng tipan tungo sa buhay na walang hanggan? Inihayag ng Diyos ang Kanyang layunin sa Moises 1:39: "Sapagkat masdan, ito ang aking gawain at aking kaluwalhatian—ang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao." Sa Relief Society tumutulong tayong ihanda ang kababaihan para sa mga pagpapala ng buhay na walang hanggan. Ginagawa natin ito sa pamamagitan ng pagpapaibayo ng pananampalataya sa Ama sa Langit at kay Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala, pagpapalakas sa mga indibiduwal, pamilya, at tahanan sa pamamagitan ng mga ordenansa at tipan, at pakikiisa sa pagtulong sa mga nangangailangan.[3]

"Kapag inalaala at ipinamuhay natin ang layunin ng Relief Society, tayo bilang kababaihang Banal sa mga Huling Araw ay magiging 'natatangi at kakaiba—sa masayang paraan,'[4] na nagbubunga ng malaking impluwensya sa kabutihan sa buong mundo. *Iyan ang nais natin para sa ating kababaihan sa Relief Society."*

Dito, sa isang interbyu sa mga kawani ng mga magasin ng Simbahan, sinagot ng mga miyembro ng Relief Society General Presidency ang mga problema sa ngayon at ibinahagi ang kanilang pananaw tungkol sa hinaharap.